

Paggamit ng "pagsuspende ng attendance"



Ang buong Hokkaido ay bumaba sa alerting stage "1", kaya ang paggamit ng "pagsuspende ng attendance" ay sisimulan sa ika 1 ng Nobyembre, base sa manual ng pangangalaga ng kalusugan o kalinisan na ibinasta ng gobyerno.

- © **Kung ang isa sa mga kasambahay ay may sintomas ng sipon** ang "pagsuspende ng attendance" dahil ng nakakahawang sakit" ay hindi magagamit. Subalit kung ang, **iyong anak mismo ang may sintomas ng sipon**, ang "pagsuspende ng attendance" dahil ng nakakahawang sakit " ay patuloy na magagamit. * Kung ang kasambahay ay may sintomas ng sipon at ayaw papasukin sa eskwelahan ang inyong anak sa alalahanin na ito ay makahawa, manyaring kumunsulta sa eskwelahan upang makonsidera ng eskwelahan ang dahilan ay hindi sya magiging absent sa eskwelahan.

Kahit na... Ako ay nag aalala na baka makahawa ang aking anak kung papasok sya sa eskwelahan at muling dumami ang bilang ng impeksyon



Kung ikaw ay nababahalang ukol sa impeksyon, mangyaring tumawag sa eskwelahan at aming aayusin ang attendance ayon sa sitwasyon ng impeksyon sa inyong lugar.



Kung hindi maiwasang pumasok sa eskwelahan ng inyong anak, ating protektahan ang "kaligtasan at seguridad" at matutong gumami ICT.



Mangyaring kumontak sa eskwelahan kung may sintomas tulad ng mga sumusunod

	Sitwasyon ng Anak/Pamilya	Tugon ng Eskwelahan
①	Napatunayan na ang inyong anak ay nahawahan	Ang inyong anak ay ikokonsiderang "Suspende ng attendance" hanggang sa kanyang paggaling.
②	Napatunayan na ang inyong anak ay nagkaroon ng close contact sa taong may impeksyon	Ang inyong anak ay ikokonsiderang "Suspende ng attendance" para sa obserbasyon ng kalusugan (14 araw) ng itinalagang health center.
③	Ang inyong anak ay kukuha ng PCR o antigen test (maliban sa kaso na nagkaroon ng close contact sa taong may impeksyon)	Ang inyong anak ay ikokonsiderang "Suspende ng attendance" hanggang lumabas ang negatibong resulta. *Ang pribadong pagkuha ng test ay hindi cover ng insurance.
④	Ang inyong anak ay may sintomas ng sipon at iba pa.	Ang inyong anak ay ikokonsiderang "Suspende ng attendance" hanggang mawala ang sintomas. *Kung na diagnosed na hindi COVID-19 ang inyong anak, mangyaring kumontak sa eskwelahan upang maayos ang kanyang attendance.
⑤	Nag aalala dahil sa isa sa kasambahay o kasama sa bahay ng inyong anak ay may sintomas ng sipon o kukuha ng PCR Test	Mangyaring kumontak sa eskwelahan upang maayos ang kanyang attendance ayon sa sitwasyon ng impeksyon ng lugar.



Kami po ay namamahagi ng video ukol sa bakuna ng COVID-19!



Ang Hokkaido, Hokkaido Board of Education, at Hokkaido Medical Association, ay lumikha ng video para sa mga anak at mga magulang ukol sa kahalagahan ng paggawa ng desisyon sa pagpapabakuna ng COVID-19, ang tamang pag unawa ng mga side effects at upang maiwasan ang diskriminasyon at pananakit ng damdamin base sa status ng bakuna. Mangyaring gamitin itong sanggunian kung nag iisip na magpabakuna..

